

## Epekto ng Paggamit ng Generative AI (ChatGPT) sa Kakayahan sa Pagsulat sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Junior High School

<sup>1</sup>MAY ANN Y. AMORES, <sup>2</sup>NOR-AIDA H. ASKALI

<sup>1,2</sup>Master of Arts in Education—Major in Filipino Language Teaching

**ABSTRAK :** Sa makabagong panahon at sistema ng edukasyon, higit na mahalaga ang pagtukoy, pag-unawa at pagtanggap sa *digital literacy* para sa mga mag-aaral at guro sa paggamit ng *artificial intelligence* (AI) bilang pangunahing kasangkapan at teknolohiya sa katungkulan sa proseso ng pagkatuto at pagtuturo. Ang pag-aaral na ito ay naglalalayon na tukuyin at suriin ang iba't ibang nakaangkla na antas sa kaalaman, kahandaan at integrasyon ng pangunahing mga mag-aaral at guro gayundin, ang kaukulang kabuluhang pagkakaiba at ugnayan ng mga salik o hamon na nakaaapekto sa paggamit ng Artificial Intelligence (AI) sa pagkatuto at pagtuturo sa Filipino. Pinagbatayan sa pag-aaral, ang mga teoryang Technology Acceptance Model (TAM) ni Davis (1989) bilang balangkas teoretikal, at Teoryang Konsyus.

Karagdagan, layunin din ng pagtalunton na suriin ang ugnayan sa pagitan ng persepsyon at paggamit ng AI at sa akademikong larang sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Ayala National High School, Taong Panuruan 2025-2026. Ginamit ang deskriptibong kwantitatibong pamamaraan na disenyo, kung saan anim (6) na guro sa Filipino at tatlumpu (30) na bilang ng mga mag-aaral ang tumugon sa sarbey kwestyoneyr upang masukat ang kanilang antas na kakayahan sa kaalaman, kahandaan at integrasyon sa paggamit ng artificial intelligence (AI).

Natuklasan sa pag-aaral, mas pinakagamit ang AI na ChatGPT bilang pagsangguni sa mga impormasyon at datos na kailangan. Batay sa kinalabasan, lumitaw na mayroong kabuluhan at positibo ang pananaw ng mga mag-aaral at gurong kalahok sa pagsusuri patungkol sa paggamit ng *generative AI* sa pagsusulat ng akademikong gawain sa larang ng Filipino. Samakatuwid, ang makabuluhang pagkakaiba sa Kaalaman, Kahandaan at Integrasyon ng mga Guro batay sa Taon ng Pagtuturo at *Artificial Intelligence* na ginamit partikular ang aplikasyong ChatGPT, lumalabas na ang mga kabahaging guro na nasa **6-10 na taon na sa pagseserbisyo o karanasan sa pagtuturo** ay nakapagkamit ng kaukulang *sum of squares na 0.08 na mas maliit pa sa lebel ng F na 65535 na mayroong kabuluhan*. Habang, sa mga kabahaging mag-aaral na nasa **Baitang-7** ay nakapagkamit ng kaukulang *sum of squares na 0.02 na mas maliit pa sa lebel ng F na 65535 na mayroong kabuluhan*. Gayunpaman, mayroong magkatulad at makabuluhan na persepsyon ang ugnayan sa antas na kaalaman, kahandaan at integrasyon ng mga mag-aaral at guro sa pagkatuto at pagtuturo gamit ang AI, inisasalaysay nito na sapat na handa ang mag-aaral at gurong kasangkot sa paggamit ng AI at epektibo sa kasanayan sa pagsulat sa Filipino.

### I. INTRODUKSYON

Sa kontemporaryong panahon ng pagtuturo at pagkatuto, umusbong ang iba't ibang teknolohiya at aplikasyon na batid ang kaayusan, kaangkupan, gabay at mabilis na daloy ng mga impormasyon na higit na makatutulong sa mga partikular na disiplina, larang at sitwasyon na nangangailangan ng sapat na turing at konseptong pangkalahatan. Sa katunayan, sa pagpapahayag ng isang kilalang *American Journal Article* (2024), ang *artificial intelligence* o AI ay isa nang maituturing na kaagapay sa pagtuturo ng ating mga Guro gayundin, ang gabay nito sa pagpapalawak ng kaalaman at intuwisyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral at sa larangan ng edukasyon sa kabuoan. Karagdagan, pinatunayan nila na ang *generative artificial intelligence* ay mabisang nakatutulong upang mapahusay, mapadali, mapaunlad at maituring ang wastong kaugnayan ng mga impormasyong kailangan at mapatingkad ang malawakang konsepto na batid nito—ang karunungan, pamamaraan, kalinawan at karagdagang patnubay. Gayunpaman, hindi maitatangi ang matagumpay na paggamit at dulot ng AI sa lahat. Sa madaling salita, isang makabagong gamit ng teknolohiya sa larangan ng edukasyon ang turing gamit at lapit ng *Artificial Intelligence* (AI).

Sa kabila ng malawakang dulot at ambag ng *artificial intelligence* sa edukasyon, mahalaga pa rin na matunghayan, masuri at ma-analisa ang tunay na kahusayan ng bawat mag-aaral higit pa sa mga inaasahan sa kanila. Nabanggit sa pag-aaral na isinagawa ni Saavedra (2018), ang teknolohiya ay binubuo ng maraming postibong dulot sa pag-aaral ng mga kabataan lalo na't kaakibat ang tamang gabay mula sa mga magulang at

paaralan. Alinsunod, batid naman ng aplikasyong *ChatGPT* ang panibagong lapit sa mas mabilis at epektibong pananaliksik ng iba't ibang impormasyon na nagsisilbing sangguning tugon. Sa patuloy na paggamit at pagtuklas ng mga Guro at mag-aaral sa *ChatGPT*, ito ay nagiging balakid naman sa pagpapanatili sa tunay na husay at pagiging malikhain ng bawat isa. Kung kaya ay, isang malaking hamon para sa sektor ng edukasyon ang bunsod na turing lapit ng *artificial intelligence* gayundin, ang *ChatGPT* sa pangkalahatan. Bagama't, balanseng naisasakatuparan ang tamang paggamit ng mga ito, kaakibat naman ang akmang pagsangguni at pagpapalitaw ng mga impormasyong makakalap at gamitin ito nang walang anumang pagbabadya ng pagkakatulad ng ideya na higit na mapatingkad—ang sarili't orihinal na perspektibo at pangangatuwiran.

Sa isinagawang pagsusuri nina James Brian Carbaquil et al (2024), hinggil sa “Epekto ng Paggamit ng *Artificial Intelligence* (AI) sa Kaugalian ng mga Grade 11 *Students* sa Zamboanga Sibugay National High School” natunghayan ng sumusunod na mga mananaliksik na labis na nakadepende ang mga mag-aaral gamit ang AI gayundin ang pagsangguni sa *ChatGPT* upang mas mapadali, mapalawak at magkaroon ng kasagutan kaugnay ang mungkahing batid na kanilang ninanais na makamtan hinggil sa kanilang pangangailangan sa klase. Sa madaling salita, hindi gaanong nagdudulot ng kabutihan ang paggamit ng iba't ibang uri ng *artificial intelligence* sa mga mag-aaral na nasa Grade 11 ng nasabing paaralan. Bagama't, ito ay nakapagbabadya ng di-kanais-nais na pag-uugali ng isang mag-aaral na maging ‘*dependent*’, tamad at walang sariling pag-unawa't abilidad sa pagsasagawa ng mga takdang-aralin at iba pang gawaing pang-klase.

## II. MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL

Hindi natin mapapatigil o maikakaila ang pag-usbong ng mga makabagong teknolohiya, partikular na ang *Artificial Intelligence* (AI). Sa halip na mabahala, nais ng mga propesyunal sa larang ng edukasyon na bigyan ito ng pagkakataon at alamin kung paano ito makatutulong sa pagtuturo at pagkatuto. Ngunit hindi nito pinapadali ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa lahat ng pagkakataon. Ang mga sumusunod ay mga pag-aaral na tumutukoy sa epekto nito sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Sa pag-aaral nina Famor et al. (2024), kung saan ginamit nila ang Technology Acceptance Model (TAM) ni Davis (1989) bilang balangkas teyoretikal, pinapakita rito na nakatutulong ang AI sa pagpapadali ng mga takdang-aralin, riserts, at iba pang gawain, pati na rin sa pagkamit ng mas mataas na marka. Gayunpaman, natukoy din nila ang mga hamon: may pagkakataon na hindi ganap na naiintindihan ng AI ang tanong o konteksto, may labis na pagdepende sa AI ang mga mag-aaral na maaari maging dahilan ng pagbaba ng antas ng kasanayan ng mga ito, at may mga kaso ng maling impormasyon na naibibigay — mga isyung maaaring makahadlang sa kakayahan ng mag-aaral sa pagbabasa at pag-unawa. Sa isinagawang pagsusuri nina Alajar at Orobio (2025), itinalakay ang ugnayan sa digital literacy ng mga guro sa Filipino at ang kanilang pagtanggap sa gamit ng AI bilang kagamitang pampagtuturo. Gamit ang descriptive correlational na disenyo na nakabatay sa TAM ni Davis (1989). Batay sa nagawang pagsusuri, lumabas na mataas ang digital literacy ng mga guro at positibo ang kanilang pagtanggap sa AI. Ngunit natuklasang hindi pa ganap ang ugnayan ng digital literacy sa iba pang aspekto gaya ng integrasyon ng AI sa estratehiya sa pagtuturo.

Sinuri naman nina Manonggiring at Saldua (2025) ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral gamit ang AI. Natuklasan sa kanilang pag-aaral na ang paggamit ng AI ay may makabuluhang ugnayan sa ilang aspeto ng TAM gaya ng perceived usefulness at behavioral intention. Ngunit sa kabila nito, tanging ang perceived usefulness lamang ang may makabuluhang ugnayan sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Batay sa resulta, bagaman maganda ang pananaw ng mga mag-aaral sa AI, hindi nito tuwirang nakapagpapahusay ng kanilang pagganap sa asignaturang Filipino. Pinapakita nito na isa sa mga aspeto na kailangang isaalang-alang ay ang sapat na akses sa kagamitang AI, at pagsasagawa ng pamantayan upang matiyak ang ligtas at responsableng paggamit ng kaguruan at mag-aaral. Sa pananaliksik na isinagawa nina Calvo at Saldua (2025) na nakatuon sa paggamit ng Generative AI, particular na ang pagsuri sa salik na nakaiimpluwensiya sa paggamit ng *generative AI* at epekto nito sa kasanayan sa pagsulat sa Filipino, gumamit sila ng deskriptibong korelasyonal na disenyo na nakabatay sa TAM upang suriin ang pananaw, saloobin, at aktwal na paggamit ng mga mag-aaral sa generative AI. Lumitaw sa resulta na positibo ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng AI sa pagsulat ng akademikong komposisyon sa Filipino. Nakitaan ito ng pakinabang at kadalian sa paggamit. Gayunpaman, natukoy din na hindi pa ganap ang aktwal na paggamit ng mga mag-aaral, na maaaring sanhi sa kakulangan sa kaalaman, karanasan, at oportunidad.

### Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayon na matukoy ang epekto ng paggamit ng Generative AI (*ChatGPT*) sa kakayahang pagsulat mga mag-aaral sa Junior High School. Nais matukoy sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod:

1. Gaano kadalas ang paggamit ng mga mag-aaral ng *ChatGPT* sa kanilang pag-aaral sa Filipino?
2. Ano ang epekto ng dalas na paggamit ng generative AI sa kakayahang pasulat ng mga mag-aaral sa Junior High School sa asignaturang Filipino?

3. Ano ang persepsyon ng mga mag-aaral sa epekto ng paggamit ng generative AI sa kanilang kasanayan sa pagsulat?
4. Ano ang persepsyon ng mga guro sa epekto ng paggamit ng generative AI sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral?

Mga susing salita: *artificial intelligence, chatgpt, generative AI, kakayahan sa pagsulat, pag-aaral sa Filipino*

### III. METODOLOHIYA

Inilalahad sa kabanatang ito, ang disenyo ng pag-aaral, ang mga tagatugon, lugar at mga instrumento sa pag-aaral, ang paraan ng pagsusuri ng mga datos, at mga etikal na konsiderasyon ng pananaliksik na isinagawa.

#### I. Disenyo ng Pananaliksik

Gagamitin ang deskriptibong kwantitatibong pamamaraan sa pag-aaral na ito, upang talakayin ang paglalarawan sa epekto ng paggamit ng *generative AI* at lapit nito sa kasanayang pasulat ng mga mag-aaral. Ang pamamaraan na ito ay kinukonsiderang pinaka-angkop na gamitin ng mga mananaliksik na susukat sa mga kakailanganing datos na sasagot sa mga inihandang katanungan.

#### II. Lokasyon at Populasyon ng Pag-aaral (Sampling/Respondente)

Ang pag-aaral na ito ay isasagawa sa paaralang sekundarya ng Ayala National High School, Munisipalidad ng Zamboanga City. Ang mga magiging kalahok at tagatugon ay ang mga mag-aaral na nasa Junior High School partikular ang Baitang na nasa Grade 7. Ang kabuuan ng mga tagatugon ay binubuo ng tatlong mag-aaral (30) na magsisilbing respondente ng pananaliksik na ito.\

#### III. Mga Instrumento sa Paglikom ng datos

Sa pag-aaral na ito, gumamit ang mga mananaliksik ng talatanungan upang masukat ang epekto ng paggamit ng Generative AI (ChatGPT) sa kakayahan sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral sa Junior High School. Ang disenyong ito ay inaangkop mula sa instrumentong ginamit sa pag-aaral nina Silagan at Samarca (2025) hinggil sa integrasyon ng AI sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino, na gumamit ng talatanungan na nakasentro sa kaalaman, kahandaan, at antas ng integrasyon ng AI tool sa edukasyon. Ang bersyon ng talahanayan sap ag-aaral na ito ay binago upang maangkop sa pagsusuri ng epekto ng ChatGPT sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa mas mababang baitang.

Ang layunin ng talatanungan ay sukatin ang antas ng kaalaman, kahandaan, at karanasan ng mga mag-aaral at guro kaugnay ng paggamit ng Generative AI (ChatGPT) at ang epekto nito sa kanilang kakayahan sa pagsulat at pagtuturo sa Filipino. Naaangkop ang adaptasyon ng instrumentong ito dahil; (1) pareho ang tema na pinagtutuhan- AI. (2) ang mga kategoryang ginagamit (kalamayan, kahandaan, at integrasyon) ay binuo at binalida ng eksperto, kaya mas madali itong iangkop nang hindi sinisira ang siyentipikong integridad. (3) angkop ito para sa junior high school- ang wika at nilalaman ay tugma sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa Junior High School. (4) Tumutugon sa mismong layunin ng pag-aaral. Ibinahagi ng mga mananaliksik ang instrument sa mga kalahok at ginabayan sa pag sagot. Batay sa mga nakalap, gagamitin ng mga mananaliksik datos upang makabuo ng pangkalahatang pagsusuri ng persepsyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng Generative AI (ChatGPT). Ang mga datos ay isasailalim sa descriptive statistical analysis tulad ng mean, frequency, at percentage distribution upang matukoy ang antas ng paggamit, pananaw, at pagtanggap ng mga kalahok sa teknolohiya. Sa ganitong paraan, maipapakita ng pag-aaral ang kabuuang epekto ng paggamit ng ChatGPT sa kakayahan sa pagsulat sa Filipino, batay sa pananaw at karanasan ng mga mag-aaral sa Junior High School.

#### IV. Pamamaraan ng Paglikom ng Datos

Ang pangangalap ng datos ay isasagawa sa pamamagitan ng pamamahagi ng talatanungan sa mga piling mag-aaral sa Junior High School ng Ayala National High School na pamilyar o may aktuwal na karanasan sa paggamit ng Generative AI (ChatGPT). Gagamitin sa pag-aaral na ito ang *purposive sampling* upang matiyak na ang mga kalahok ay may sapat na kaalaman at karanasan sa paggamit ng naturang teknolohiya, na makatutulong sa pagbibigay ng makabuluhang tugon sa mga layunin ng pananaliksik. Kabuuang tatlong mag-aaral (30) sa Grade 7 at anim (6) guro sa asignaturang Filipino mula sa Ayala National High School ang magiging kalahok sa pag-aaral. Ang pananaliksik ay isinagawa matapos makuha ang pahintulot ng punong-guro ng paaralan.

Ang pag-apruba ay ibinigay matapos maipakita ng mga mananaliksik ang mga kaukulang dokumentong etikal at maipaliwanag nang malinaw ang layunin at kabuuang proseso ng pag-aaral. Bago isinagawa ang pagsagot sa talatanungan, ipinabatid muna ng mga mananaliksik sa mga kalahok ang mga tagubilin kung paano wasto at tapat na sasagutin ang bawat pahayag sa talatanungan. Ipinaliwanag din kung paano maingat na pangangalagaan at pananatilihing kumpidensiyal ang lahat ng impormasyong kanilang ibibigay, alinsunod sa mga pamantayan ng etikal na pananaliksik. Matapos sagutan ang mga talatanungan, kaagad na kinolekta ng mga mananaliksik ang mga ito upang maisagawa ang pagsusuri at pagbubuo ng mga datos na nakalap. Ang mga datos na nakalap mula sa ipinasagot na talatanungan ay isasailalim sa *descriptive statistical analysis* upang matukoy ang antas ng pananaw at pagtanggap ng mga mag-aaral at guro sa paggamit ng Generative AI (ChatGPT) sa konteksto ng pagsulat sa wikang Filipino. Ang pagsusuri ay isasagawa sa

pamamagitan ng paggamit ng *mean, frequency, at percentage distribution*, upang mailarawan ang mga tugon ng mga kalahok sa Teoryang pinagbatayan ng pag-aaral.

Ang bawat bahagi ng talatanungan ay bibigyan ng kaukulang interpretasyon batay sa nakuhang mean score. Ang interpretasyon ng mean ay gagamit ng *Likert Scale Interpretation* tulad ng sumusunod:

Saklaw ng Mean	Paglalarawan	Interpretasyon
4.21 - 5.00	Lubos na Sumasang-ayon	Napakataas na antas ng pananaw/pagtanggap
3.41 – 4.20	Sumasang-ayon	Mataas na antas ng pananaw/pagtanggap
2.61 – 3.40	Walang Pinapanigan	Katamtamang antas ng pananaw/pagtanggap
1.81 – 2.60	Hindi Sumasang-ayon	Mababa ang antas ng pananaw/pagtanggap
1.00 – 1.80	Lubos na Hindi Sumasang-ayon	Napakababang antas ng pananaw/pagtanggap

Sa tulong ng estadistikang ito, matutukoy ng mga mananaliksik ang kabuuang pananaw, karanasan, at antas ng paggamit ng ChatGPT ng mga mag-aaral at guro sa gawaing pampagsulat. Ang resulta ng pagsusuri ay magsisilbing batayan sa pagbuo ng konklusyon at rekomendasyon hinggil sa epekto ng paggamit ng Generative AI sa kakayahan sa pagsulat sa Filipino.

#### V. Etikal na Konsiderasyon

Ang pananaliksik na ito ay nagbigay ng paunang etikal na konsiderasyon sa mga naging impormante o tagatugon sa kadahilanang, lahat ng mga personal na impormasyon ng mga naturang respondente ay itinuturing na kumpidensiyal at mananatiling kumbensiyal sa pangkalahatang pag-aaral na ito. Ipinaliwanag ng mananaliksik ang layunin sa mga napiling kalahok partikular ang tatlo (31) mag-aaral sa *Junior High School* ng Ayala National High School sa lungsod ng Zamboanga City. Sa kabuuang etikal na konsiderasyon ng pag-aaral, lahat ng mga konsiderasyong nabanggit ay susundin ng mananaliksik upang maging tiyak at angkop ang pag-aaral gayundin, ang mga makakalap na mga datos na isasagawa ay sa isang maayos at matiwasay na paraan. Bilang etikal na konsiderasyon, magsasagawa muna ang mananaliksik ng panimulang pagtitiyak sa pamamagitan ng liham patnugot o pahintulot na isasagawa alinsunod sa pinakalayunin nitong masuri ang mga simbolismo pampanitikan at isyung panlipunan ukol sa akdang nabanggit at ang talatanungan mula sa mga kinauukulan ng mga tagatugon ng pag-aaral na ito. Samakatuwid, ang mga *questionnaires* o talatanungan ay sisiguruhing mayroong kalakip na liham na ibabahagi sa mga Impormante na kinapapalooban ng mga sumusunod na konsiderasyon ng mananaliksik:

- 1) Ang personal na impormasyon na ibabahagi ng mga mapipiling kalahok sa pag-aaral ay mananatiling kumpidensiyal alinsunod sa tinatawag na “*Data Privacy Law*” ng lahat ng mga ibabahaging datos ukol sa mga magiging kasagutan ng bawat kalahok sa pag-aaral ay muli’t-muling pananatiliing kumpidensiyal at kumbensiyal ng mananaliksik upang matiyak na ang lahat ng kanilang ibinahaging kasagutan ay isang kabahaging tugon sa isasagawang pananaliksik;
- 2) Ang mga magiging sagot o tugon ng bawat kalahok sa pagtalunton na ito ay iaangkla o iaayon alinsunod sa napag-usapang liham na pahintulot. Sa madaling salita, ang mga kalahok o kabahaging Impormante ay tunay na sumang-ayon na maglaan ng kanilang oras at panahon sa pagsagot sa naturang talatanungan o *questionnaire*;
- 3) Ang lahat ng makakalap na datos o impormasyon patungkol sa mga magiging kasagutan ng mga kalahok sa pag-aaral, ay ihanap, isusuri at isisiyasat ng walang anumang badya ng di-pantay na pagkilala at pagsusuri. Datapwa’t, lahat ng ito ay kikilalanin ng walang badya ng estandardisasyon sa kung ito ay angkop o di-angkop na pangangatuwiran o pagbabahaging karunungan ukol sa nilalaman ng talatanungan. Ang bawat kasagutan ng mga magiging kalahok ay susuriin ng maayos at ihanap ayon sa pinagbasehan ng pag-aaral; at
- 4) Ang pangkalahatang gawi ng pananaliksik na ito ay iaayon bilang bahagi sa kurso at pangunahing bahagian para sa akademikong pangangailangan lamang.

#### IV. RESULTA AT DISKUSYON

Inilalahad sa kabanatang ito, ang kabuuang resulta at diskusyon kaugnay ang mga nakalap at nasuring datos mula sa isinagawang pananaliksik na nakaangkla sa integrasyon ng *Generative Artificial Intelligence (AI)* sa pamamagitan ng pagtuturo at pagkatuto ng Filipino partikular sa Junior High School na nasa Baitang-7. Gayundin, ang mga hamon, pagbabago at pagkakataon na dulot nito. Ang lahat ng mga nasuri at na-analisang mga datos at pagsangguni ay magsisilbing batayan sa kaagarang kamalayan sa paglinang ng iba’t ibang kagamitang pampagtuturo mula tradisyonal hanggang sa kontemporaryong pamamagitan.

#### Demograpik Profayl

Sa bahaging ito, ipinapakita sa magkasunod na Talahanayan 1.1 at 1.2 ang mahahalagang demograpikong impormasyon patungkol sa mga naging kabahagi ng pag-aaral, ang mga respondente—na maaaring magkaroon ng pangunahing epekto sa kanilang tugon, lapit at maging karanasan sa paggamit ng *Artificial Intelligence (AI)* partikular ang ChatGPT sa konteksto ng pagtuturo at pagkatuto partikular sa larangan ng asignaturang Filipino.

**Talahanayan 1.1 Profayl ng mga Guro sa Filipino at AI (ChatGPT) na Ginamit**

Indekeytor	Kategorya	Bilang	Bahagdan (%)
<b>Taon sa Pagtuturo</b>	1 taon pababa	1	16
	1-5 na taon	-	-
	6-10 na taon	5	83
	11 na taon pataas	-	-
	<b>KABUOAN</b>	<b>6</b>	<b>100</b>
<b>AI na Ginamit</b>	ChatGPT	5	83
	Iba pa	1	17
	<b>KABUOAN</b>	<b>6</b>	<b>100</b>

Ipinapakita sa talahanayan sa itaas, ang pangunahing resulta batay sa profayl ng mga Guro na naging kalahok sa pagtalunton na ito. Makikita sa naturang resulta ang malinaw na ugnayan sa pagitan ng kaukulang karanasan sa pagtuturo ng mga Guro at maging ang kanilang paggamit ng aplikasyon alinsunod sa *Artificial Intelligence* (AI) o ang ChatGPT sa kabuuan. Pinagbatayan, na ang lahat ng Gurong gumagamit ng AI sa kanilang integrasyon sa pagtuturo ay mayroong kinalaman sa kanilang sariling kakanyahan at karanasang nasa pagitan ng isa hanggang sampung taon ng kanilang taon sa pagseserbisyo. Mula rito, mapapansin na ang paggamit ng AI ay mas tahasang laganap sa hanay mula sa kalagitnaang henerasyon ng mga Guro alinsunod sa departamento ng edukasyon kung saan, ito ay maaaring mas maging bihasa at eksperto sa teknolohiya sa panahon ng kanilang pagtukoy, pag-aaral at ang pagiging bukas sa paggamit ng makabagong pamamaraan o kasangkapan sa larangan ng edukasyon. Ayon sa ibinahaging kaalaman ni Selwyn (2019), isa sa napakahalagang gampanin ng mga guro sa kasalukuyang panahon ang maging aktibong manlalahok sa proseso ng malawakang pagbabago at bukas na oportunidad na gamitin at suriin sa pamamagitan ng integrasyon nito sa kanilang pampagtuturo ang paggamit ng AI upang maging matagumpay ang pamamagitan ng *Artificial Intelligence* sa loob ng klase. Sa kabilang banda, kaugnay ang ChatGPT bilang gamit na AI na aplikasyon, lumalabas sa resulta na malaki at malawak ang tugon gamit ang ChatGPT bilang pinakapopular na AI Tool na may 83% sa kabuuan ng mga guro na gumagamit nito sa kanilang pagtuturo. Kapansin-pansin, na mayroong isang guro na gumagamit ng ibang aplikasyon sa kaniyang pagtuturo na binubuo ng bahagdan na 17% na tumutugon sa pangunahing tagapamagitan naman nito. Samakatuwid, ang bawat guro ay magkakaiba ang karanasan at epekto sa paggamit ng makabagong batid na integrasyong panteknolohiya sa konsepto ng pagtuturo.

**Talahanayan 1.2 Profayl ng mga Mag-aaral (Baitang-7) at AI (ChatGPT) na Ginamit**

Indekeytor	Kategorya	Bilang	Bahagdan(%)
<b>Baitang</b>	Baitang 7- Kepler	15	50
	Baitang 7- Anthurium	15	50
	<b>KABUOAN</b>	<b>30</b>	<b>100</b>
<b>AI na Ginamit</b>	ChatGPT	27	90
	Iba pa	3	10
	<b>KABUOAN</b>	<b>30</b>	<b>100</b>

Ipinapaliwanag naman sa Talahanayan na nasa itaas, ang demograpikong profayl batay sa kanilang paggamit ng *Artificial Intelligence* (AI) partikular ang aplikasyon na ChatGPT sa pagkatuto sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa Junior High School, Baitang-7. Mapapansin sa naturang pagsusuri ng datos at resulta nito, na mas matas ang porsyento o bahagdan ng mga mag-aaral na nasa Baitang-7 ang paggamit ng ChatGPT na mayroong kabuuang 90% kumpara sa tatlong (3) pangunahing mag-aaral na may magkaibang tagapamagitan sa kanilang pagkatuto sa Filipino na binubuo naman ng bahagdan 10%. Patunay ang naturang resulta na ito, na malawak ang pagkakaiba ng mag-aaral alinsunod sa kanilang nais at interes na gamiting *Artificial Intelligence* (AI) sa kanilang pangangailangan upang matugunan ang pagkatuto sa naturang larang na nabanggit. Karagdagan, sa kontemporaryong panahon, bukas at mayroong iba't ibang aplikasyon at teknolohiya ang maaaring magamit sa paraang nanaisin na mas madali, epektibo at paktuwal na impormasyong makapagbibigay lantad at katuturan sa kakailanganing impormasyon sa turing kahalagahan ng kani-kanilang pagkatuto at pagiging maalam sa asignaturang Filipino.

Gaano kadalas na ginagamit ng mga Mag-aaral at Guro na kabahagi sa pag-aaral, ang integrasyon ng Artificial Intelligence (AI) na ChatGPT sa paraan ng pagtuturo at pagkatuto?

*Talahanayan para sa mga Mag-aaral:*

Indekeytor	Mean	Deskriptibong Lebel
Araw-araw	-	-
Bihira	1	Napaka-negatibo
Ilang Beses sa isang Linggo	3	Positibo
Hindi pa kailanman gumamit	1	Napaka-negatibo
Paminsan-minsan	5.3	Napaka-positibo
<b>KABUOAN</b>	<b>10.3</b>	<b>Napaka-positibo</b>

*Talahanayan para sa mga Guro:*

Indekeytor	Mean	Deskriptibong Lebel
Madalas	1.2	Napaka-negatibo
Bihira	-	-
Paminsan-minsan	6	Napaka-positibo
<b>KABUOAN</b>	<b>7.2</b>	<b>Napaka-positibo</b>

Ipinapahayag ng mga talahanayan sa itaas, ang katungkulan nito hinggil sa Antas ng Paggamit ng naturang Teknolohiya at Aplikasyon sa Pagtuturo at Pagkatuto. Kung saan, pinapatunayan ng lumabas na resulta, ang tindi at katiyakan na ginagamit ng mga mag-aaral gayundin, ng mga guro na nagtuturo sa asignaturang Filipino ang *Artificial Intelligence* (AI) partikular ang ChatGPT at iba pa. Karagdagan, mayroon kabuuang **Total Mean Average** na **10.3** na sumasaklaw sa deskriptibong lebel na **Napaka-positibo** sa hanay ng mga mag-aaral na kalahok. Habang sa hanay ng mga gurong kalahok, lumalabas sa pag-aaral na ito ay mayroong kabuuang **Total Mean Average** na **7.2** na tumutugon sa deskriptibong lebel na **Napaka-positibo**. Sa pangkalahatan, mapapansin ang malaking kaibahan sa antas, kagustuhan at pangangailangan ng mga mag-aaral at gurong kalahok sa pag-aaral ang kanilang tagapamagitan sa paggamit ng *Artificial Intelligence* na ChatGPT at iba pa. Sapagkat, mayroong malawak at tiyak na kadahilanan ang bawat respondente batay sa kanilang sariling pag-unawa at persepsyon. Sa katunayan, hindi sa lahat ng pagkakataon ay higit na magiging lantad ang paggamit ng AI sa kasalukuyan, kung kaya ay, nararapat na magkaroon ng tunay na kalinangan at kahusayan ang isang indibidwal bago ang pagsangguni at tiyakin ang mga impormasyong makapaglalalahad ay paktuwal at makabuluhan sa kabuuan.

#### I. Antas ng Kaalaman ng mga Guro sa Paggamit ng AI (ChatGPT)

Sa Talahanayan 2.1 at 2.2 at 2.3, nakasentro ang pangunahing kaalaman sa mga teknolohiya at aplikasyong kasangkot ay may tuwirang epekto sa paraan ng pagtuturo ng mga guro at bisa sa malakawang batid sa pagkatuto ng kanilang mag-aaral, sapagkat iba't iba ang ating pagtanggap, pagtukoy at pagsangguni sa kaalaman na magsisilbing pundasyon at lapit sa isang matagumpay at epektibong paggamit ng AI bilang isa sa maituturing pedagogikal na kasangkapan sa kaukulang pamamagitan sa pagtuturo sa asignaturang Filipino.

**Talahanayan 2.1** *Antas ng Kaalaman ng mga Guro sa Filipino sa Paggamit ng AI (ChatGPT)*

Indekeytor	Mean	Deskriptibong Lebel
1. May sapat akong kaalaman sa mga simulain sa paggamit ng AI na makakatulong sa pagbibigay ideya sa aking pagtuturo sa Filipino	4.20	Lubos na Sumasang-ayon
2. May sapat akong kaalaman sa mag teknikal na isyu sa paggamit ng AI tulad ng pagsusuri sa gramatika o salita na ibinibigay ng AI.	4.00	Sumasang-ayon
3. May sapat akong kaalaman sa iba't ibang pedagogikal na teknik sa paggamit ng AI sa pagtuturo ng Filipino.	4.00	Sumasang-ayon
4. May sapat akong kaalaman sa AI <i>Tool</i> na magamit sa aking pagtuturo ng Filipino.	3.90	Sumasang-ayon
5. May sapat akong kaalaman sa AI na gawing personalisado ang ibinibigay na feedback nito.	3.70	Sumasang-ayon
6. May sapat akong kaalaman na suriin at i-ebalweyt ang kaangkupan ng estratehiyang ibinibigay ng AI sa pagtuturo ng Filipino.	4.20	Lubos na Sumasang-ayon

7. May sapat akong kaalaman na e-humanize ang pidbak ng AI mula sa ideya mula sa talakayan sa Filipino katulad ng pagsulat, pagbasa at pagsusuri ng teksto.	4.00	Sumasang-ayon
8. May sapat akong kaalaman kung sagot ba ng AI o mismong sariling gawa ng mga mag-aaral ang ipapasa nitong gawain katulad ng sagot sa takdang-aralin o iba pang gawain.	4.30	Lubos na Sumasang-ayon
9. Ang paggamit ng AI sa pagtuturo ng Filipino ay isa sa mga pangunahing kasanayan na aking natutunan bilang isang Guro.	3.70	Sumasang-ayon
10. Sa pangkalahatan, natutunan ko ang paggamit ng AI sa pagtuturo ng Filipino sa pamamagitan ng mga <i>online resources</i> at personal na karanasan.	4.20	Lubos na Sumasang-ayon
<b>KABUOAN:</b>	<b>4.02</b>	<b>Lubos na Sumasang-ayon</b>

*Legend: 4.21-5.00 (Lubos na Sumasang-ayon) (Napakataas na natas ng pananaw at pagtanggap); 3.41-4.20 (Sumasang-ayon) (Mataas na antas ng pananaw at pagtanggap); 2.61-3.40 (Walang Pinapanigan) (Katamtamang antas ng pananaw at pagtanggap); 1.81-2.60 (Hindi Sumasang-ayon) (Mababa ang antas ng pananaw at pagtanggap) at 1.00-1.80 (Lubos na Hindi Sumasang-ayon) (Napakababang antas ng pananaw at pagtanggap).*

Ang talahayanan na ito ay nagpapakita ng persepsyon ng mga guro hinggil sa kanilang kaalaman sa paggamit ng AI na ChatGPT ukol sa pagtuturo ng Filipino sa usapin ng Sapat na Kalinangan. Ipinapakita sa Talahanayan 2.1 ang pangunahing antas ng kaalaman ng mga Guro partikular sa mga gurong naging kalahok na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa paggamit ng AI (ChatGPT). Ayon sa kinalabasan, mapapansin ang mga aytems na, “*May sapat akong kaalaman sa mga simulain sa paggamit ng AI na makakatulong sa pagbibigay ideya sa aking pagtuturo sa Filipino.*” “*May sapat akong kaalaman na suriin at i-ebalweyt ang kaangkupan ng estratehiyang ibinibigay ng AI sa pagtuturo ng Filipino.*” “*Sa pangkalahatan, natutunan ko ang paggamit ng AI sa pagtuturo ng Filipino sa pamamagitan ng mga online resources at personal na karanasan.*” At “*May sapat akong kaalaman kung sagot ba ng AI o mismong sariling gawa ng mga mag-aaral ang ipapasa nitong gawain katulad ng sagot sa takdang-aralin o iba pang gawain.*” ay nakapagkamit ng matataas na kabuuang **Mean na 4.20** sa tatlong (3) naunang aytems at **4.30 na Mean** naman sa huling bahaging aytem na mayroong magkatulad na deskriptibong lebel o interpretasyon na **Lubos na Sumasang-ayon**. Batid nito, ang pagpapakahulugan na mayroong sapat na kaalaman, kalinangan at kahusayan ang mga guro sa paggamit ng makabagong paraan na AI partikular ang aplikasyong ChatGPT na nakatutulong sa pagpapadali at pagbibigay ng kaangkupan sa mas mabisa at epektibong pamamagitan sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa kaukulan at pangkalahatan.

Sa kabilang banda naman, matutunghayan ang pangunahing aytems na nakapagkamit ng pinakamababang **Average Mean na 3.70** na tumutugon sa interpretasyon na **Sumasang-ayon**, partikular ang, “*May sapat akong kaalaman sa AI na gawing personalisado ang ibinibigay na feedback nito.*” At “*Ang paggamit ng AI sa pagtuturo ng Filipino ay isa sa mga pangunahing kasanayan na aking natutunan bilang isang Guro.*” Ipinapaliwanag lamang ng mga aytems na ito, na hindi sa lahat ng pagkakataon ay kakailanganin ang paggamit ng AI na ChatGPT sa pagtuturo lalo na sa asignaturang Filipino. Ibig sabihin, mahalaga pa rin ang pagkakaroon ng angkop at sapat na kaalaman sa paggamit ng ChatGPT o anumang makabagong aplikasyon sa pagtuturo sa panahon ngayon na maging personalisado at manatiling orihinal sa nilalaman, konteksto at batayan sa pagbibigay ng mga kaukulang aktibidad at pagsasanay sa mga mag-aaral na makapagpapatibay sa kanilang kagustuhang matuto ng puno ng kabuluhan higit sa kanilang inaasahan at tagapamagitan sa pangkalahatang lapit at lantad. Sa madaling salita, nasa mga guro ang pasya o kagustuhan kung kanilang nanaisin na mas maging mabisa at madali ang paraan ng pagtuturo kung sila ay sasangguni sa AI upang makasabay sa pagbabagong nagaganap, maging bukas sa alternatibong kaparaanan at higit sa lahat lawakan ang kalinangan ng mga kaguruan na puno ng damdamin at isipan sa pagpapalago ng kaalaman at karunungan panlahat kaagapay ang malawakang batid na posibilidad at kagamitan.

#### **Talahanayan 2.2** *Antas ng Kahandaan ng mga Guro sa Filipino sa Paggamit ng AI (ChatGPT)*

<b>Indekeytor</b>	<b>Mean</b>	<b>Deskriptibong Lebel</b>
1. May sapat akong kahandaan na ituro na gamitin ang AI sa pagsagot ng mga gawain sa Filipino katulad ng malinaw na pagsulat ng teksto.	3.90	Sumasang-ayon
2. May sapat akong kahandaang i-akses ang AI gamit ng teknolohiya upang magamit na makakatulong sa mga leksyon sa Filipino.	3.90	Sumasang-ayon
3. May sapat akong kahandaan sa makabagong sistema o programa ng AI upang makatulong sa pagkatuto ko ng Filipino sa klase.	3.90	Sumasang-ayon
4. May sapat akong kahandaan na ipuna ang pidbak mula sa	4.00	Sumasang-ayon

sagot ng mga mag-aaral sa Filipino gamit ang AI.

5. May sapat akong kahandaang gamitin ang AI bilang kagamitan sa pampagtuturo sa Filipino.	3.90	Sumasang-ayon
6. Handa akong magkaroon ng integrasyon AI sa pagtuturo ng mga tuntunin sa gramatika at pagbasa sa Filipino.	4.00	Sumasang-ayon
7. May sapat akong kahandaan na magturo sa konsepto ng pagsulat, pagbasa at pagsusuri ng teksto gamit ang AI.	3.70	Sumasang-ayon
8. May sapat akong kahandaang gamitin ang AI upang mapabilis ang proseso ng pagsusuri ng mga gawaing pagsulat tulad ng sanaysay at tula mula sa mga mag-aaral.	3.90	Sumasang-ayon
9. Handa akong sumali sa mga pagsasanay o workshops kung bibigyan ng pagkakataon palawakin pa ang kaalaman sa paggamit ng AI.	4.70	Lubos na Sumasang-ayon
10. Sa pangkalahatan, handa akong ibahagi ang mga etikal at teknikal na isyu sa paggamit ng AI sa pagtuturo ng Filipino.	4.50	Lubos na Sumasang-ayon
<b>KABUOAN:</b>	<b>4.04</b>	<b>Lubos na Sumasang-ayon</b>

*Legend: 4.21-5.00 (Lubos na Sumasang-ayon) (Napakataas na natas ng pananaw at pagtanggap); 3.41-4.20 (Sumasang-ayon) (Mataas na antas ng pananaw at pagtanggap); 2.61-3.40 (Walang Pinapanigan) (Katamtamang antas ng pananaw at pagtanggap); 1.81-2.60 (Hindi Sumasang-ayon) (Mababa ang antas ng pananaw at pagtanggap) at 1.00-1.80 (Lubos na Hindi Sumasang-ayon) (Napakababang antas ng pananaw at pagtanggap).*

Ang talahayanan na ito ay nagpapakita ng persepsyon ng mga guro hinggil sa kanilang kahandaan sa paggamit ng AI na ChatGPT ukol sa pagtuturo ng Filipino sa usapin ng Sapat na Kalinangan. Ipinapakita sa Talahanayan 2.2 ang pangunahing antas ng kahandaan ng mga Guro partikular sa mga gurong naging kalahok na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa paggamit ng AI (ChatGPT). Ayon sa kinalabasan, mapapansin ang mga aytems na, “*Handa akong sumali sa mga pagsasanay o workshops kung bibigyan ng pagkakataon palawakin pa ang kaalaman sa paggamit ng AI.*” At “*Sa pangkalahatan, handa akong ibahagi ang mga etikal at teknikal na isyu sa paggamit ng AI sa pagtuturo ng Filipino.*” Ang mga sumusunod na pahayag ay nakapagkamit ng pinakamataas na kabuuang **Mean na 4.70 at 4.50** na mayroong magkatulad na deskriptibong lebel o interpretasyon na **Lubos na Sumasang-ayon**. Batid nito, ang pagpapakahulugan na mayroong sapat na kahandaan, kawastuhan at kahusayan ang mga guro sa paggamit ng makabagong paraan na AI partikular ang aplikasyong ChatGPT na nakatutulong sa pagpapadali, pagsasaayos at pagbibigay ng kaangkupan sa mas lantad, handa at epektibong pamamagitan sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa kaukulan at pangkalahatan.

Sa kabilang banda, matutunghayan ang pangunahing aytems na nakapagkamit ng pinakamababang **Average Mean na 3.70** na tumutugon naman sa deskriptibong lebel na **Sumasang-ayon**, partikular ang, “*May sapat akong kahandaan na magturo sa konsepto ng pagsulat, pagbasa at pagsusuri ng teksto gamit ang AI.*” Ipinapaliwanag ng aytem na ito, na hindi sa lahat ng pagkakataon ay kakailanganin ang paggamit ng AI na ChatGPT sa pagtuturo lalo na sa asignaturang Filipino. Ibig sabihin, mahalaga pa rin ang pagkakaroon ng lapit at sapat na kahandaan sa paggamit ng ChatGPT o anumang aplikasyon sa pagtuturo. Sapagkat, sa panahon ngayon kailangan na maging orihinal sa nilalaman, paktuwal, kontekstuwalisado at magkaroon ng saligan sa pagbibigay ng mga kaukulang aktibidad at pagsasanay sa mga mag-aaral. Sa madaling salita, nasa mga guro ang pasya at kahandaan kung kanilang nanaisin na mas maging mabisa at madali ang paraan ng kanilang pagtuturo kung sila ay gagamit ng AI upang makasabay at maging handa sa lahat ng mga pagbabagong magaganap at tiyakang maging bukas sa alternatibong kaparaanan at lawakan ang kalinangan hinggil sa pampagtuturo sa pangkalahatan

**Talahanayan 2.3** *Antas ng Integrasyon ng AI (ChatGPT) sa mga Guro na nagtuturo sa Asignaturang Filipino*

<b>Indekeytor</b>	<b>Mean</b>	<b>Deskriptibong Lebel</b>
1. Kadalasan nagkakaroon ng integrasyon sa pagtuturo ng Filipino katulad ng pagtatasa pagkatapos ng talakayan.	4.30	Lubos na Sumasang-ayon
2. Nagagamit ang ibang teknolohiya para maka-akses sa integrasyon ng AI sa pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino katulad ng kompyuter sa ICT klasrum.	4.50	Lubos na Sumasang-ayon
3. Nagagamit ang AI sa mga gawaing pananaliksik sa Filipino.	4.30	Lubos na Sumasang-ayon
4. Nagagamit ng husto ang AI sa 21 <sup>st</sup> na siglong talakayan at kompetensi na makakuha ng sapat na pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino.	4.50	Lubos na Sumasang-ayon
5. Nagagamit ko ang AI upang magbigay ng mga suhestiyon sa pagpapabuti ng pagsusulat ng mga mag-aaral sa Filipino.	4.50	Lubos na Sumasang-ayon

6. Nagagamit ang AI sa integrasyon sa pagtuturo ng gramatika sa Filipino upang matulungan ang mga mag-aaral na matutunan ang tamang gamit ng mga salita at pangungusap.	4.30	Lubos na Sumasang-ayon
7. Nagagamit ko ang AI sa mga aktibidad na magpapahusay sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga tekstong Filipino.	4.30	Lubos na Sumasang-ayon
8. Nagagamit ko ang AI upang matulungan ang mga mag-aaral sa paggawa ng mga proyekto sa Filipino na may kinalaman sa pagsulat at pagsasalinwika.	4.30	Lubos na Sumasang-ayon
9. Nagagamit ko ang AI upang mapabuti ang paraan ng pagpapaliwanag sa mga mag-aaral ng mga kumplikadong bahagi ng gramatika at wika sa Filipino.	4.30	Lubos na Sumasang-ayon
10. Sa pangkalahatan, pinadali ng AI ang pagtuturo sa mga mag-aaral ng mga mahihirap na bahagi ng gramatika at pagsusuri ng mga teksto sa Filipino.	4.50	Lubos na Sumasang-ayon
<b>KABUOAN:</b>	<b>4.38</b>	<b>Lubos na Sumasang-ayon</b>

*Legend: 4.21-5.00 (Lubos na Sumasang-ayon) (Napakataas na natas ng pananaw at pagtanggap); 3.41-4.20 (Sumasang-ayon) (Mataas na antas ng pananaw at pagtanggap); 2.61-3.40 (Walang Pinapanigan) (Katamtamang antas ng pananaw at pagtanggap); 1.81-2.60 (Hindi Sumasang-ayon) (Mababa ang antas ng pananaw at pagtanggap) at 1.00-1.80 (Lubos na Hindi Sumasang-ayon) (Napakababang antas ng pananaw at pagtanggap).*

Ang talahayanan na ito ay nagpapakita ng persepsyon ng mga guro hinggil sa kanilang integrasyon sa paggamit ng AI na ChatGPT ukol sa pagtuturo ng Filipino sa usapin ng Sapat na Kalinangan. Ipinapakita sa Talahanayan 2.3 ang pangunahing antas ng integrasyon sa pangangasiwa ng mga Guro partikular sa mga gurong naging kalahok na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa paggamit ng AI (ChatGPT). Ayon sa kinalabasan, mapapansin na ang ng mga aytems ay mayroong magkakatulad na taas ng *Average Means* mula **4.30 at 4.50** na mayroong interpretasyon na **Lubos na Sumasang-ayon** sa kabuoan. Sa kadahilanang, mayroong sapat na kaalaman sa integrasyon at kahusayan ang mga guro sa paggamit ng makabagong paraan na AI partikular ang aplikasyong ChatGPT na nakatutulong sa pagpapadali at pagbibigay ng kaangkupan sa mas epektibong pamamagitan sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa kaukulang interes at pangangailangan. Sa kabilang dako, matutunghayan ang pangunahing aytems na nakapagkamit ng matataas na *Average Means*, Ibig sabihin, mahalaga pa rin ang pagkakaroon ng angkop na pamantayan at sapat na kaalaman sa integrasyon nito kaugnay ang interes ng mga mag-aaral at kasapatan sa kalinangan sa paggamit ng ChatGPT. Sa madaling salita, nasa mga guro ang kagustuhan kung kanilang nanaisin na mas maging malikhain ang paraan ng pagtuturo kung sila ay magpapatupad ng mga susing integrasyon sa AI upang makasabay sa pagbabagong nagaganap, maging bukas sa alternatibong kaparaanan. Pinapatunayan nito, na may sapat ng kakayahan ang mga guro sa integrasyon sa paggamit ng *Artificial Intelligence* sa kabuoan.

**Makabuluhang Pagkakaiba sa Kaalaman, Kahandaan at Integrasyon ng mga Guro sa Filipino hinggil sa Taon ng Pagtuturo at Artificial Intelligence na Ginamit**

Makikita sa talahanayan 4.1 ang makabuluhang lapit na pagkakaiba sa katungkulan ng kaalaman, kahandaan at maging ang integrasyon ng mga guro batay sa taon ng pagtuturo o ang kanilang taon sa pagseserbisyo at ang partikular na *Artificial Intelligence* (AI) na pinagbatayan o ginamit bilang kaparaanan ay makatutulong sa malawakang pag-unawa at pagsusuri kung ang mga pangunahing antas ay may bunsod na salik at kaugnayan sa pag-adap, pag-ugnay, pagtanggap at bilang gamit sa pampagtuturo lalo na sa larangan ng asignaturang Filipino.

**Talahanayan 4.1 Makabuluhang Pagkakaiba sa Kaalaman, Kahandaan at Integrasyon ng mga Guro sa Filipino batay sa Taon ng Pagtuturo at Artificial Intelligence na Ginamit**

Indekeytor	Antas/Bilang	Mean	Deskriptibong Lebel
Antas ng Kaalaman ng mga Guro sa Paggamit ng AI (ChatGPT)	I	4.02	Lubos na Sumasang-ayon
Antas ng Kahandaan ng mga Guro sa Paggamit ng AI (ChatGPT)	II	4.04	Lubos na Sumasang-ayon
Antas ng Integrasyon ng AI ng mga Guro sa Pagkatuto sa Filipino (ChatGPT)	III	4.38	Lubos na Sumasang-ayon
<b>KABUOAN:</b>		<b>4.14</b>	<b>Lubos na Sumasang-ayon</b>

Source of Variation	Sum of Squares	Df	Mean Square	F	P-value	Conclusion
---------------------	----------------	----	-------------	---	---------	------------

Between Groups	0.081867	2	0.040933	65535	#NUM!	Mayroong Kabuluhan
Within Groups	0	0	65535			
Kabuoan	0.081867	2				

Sa Talahanayang 4.1, ang makabuluhang pagkakaiba sa Kaalaman, Kahandaan at Integrasyon ng mga Guro batay sa Taon ng Pagtuturo at *Artificial Intelligence* na ginamit partikular ang aplikasyong ChatGPT, lumalabas na ang mga kabahaging guro na nasa **6-10 na taon na sa pagseserbisyo o karanasan sa pagtuturo** ay nakapagkamit ng kaukulang **sum of squares na 0.08 na mas maliit pa sa lebel ng F na 65535**. Samantala, ito ay nagpapatunay na **mayroong kabuluhan** ang turing pagkakaiba sa Antas ng Kaalaman at Kahandaan ukol rin ang kani-kaniyang integrasyong sa pamamaraan sa pampagtuturo na gagamitin. Sa madaling salita, dahil sa pagbabagong nagaganap sa larangan ng edukasyon ay marahil malawak na rin ang lapit sa sapat na kalinangan ng bawat guro patungkol sa makabagong teknolohiya at aplikasyon upang mapabatid na higit na magiging kapantay at epektibo ang modernong paraan ng pagtuturo sa pamamagitan ng malawakang hatid ng *Artificial Intelligence* (AI).

## II. Antas ng Kaalaman ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng AI (ChatGPT)

Sa Talahanayan 1.1, 1.2 at 1.3, nakaangkla ang pangunahing kaalaman sa mga teknolohiya at aplikasyong kasangkot na may tuwirang epekto sa paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral at bisa sa malakawang batid sa kalinangang kaalaman, sapagkat iba't iba ang pagtanggap, pag-unawa, pagtukoy at pagsangguni sa kaalaman na magsisilbing pundasyon at lapit sa isang matagumpay at epektibong paggamit ng AI bilang—maituturing na pedagohikal na kasangkapan sa kaukulang pamamagitan sa kahusayang matuto sa asignaturang Filipino.

### Talahanayan 1.1 Antas ng Kaalaman ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng AI (ChatGPT)

Indekeytor	Mean	Deskriptibong Lebel
1. Alam ko ang etikal na isyu sa paggamit ng AI.	4.00	Sumasang-ayon
2. Mayroon akong kakayahang suriin kung tama o mali ang sagot ng isang AI Tool.	3.90	Sumasang-ayon
3. Alam ko kung paano gamitin ang AI upang mapabuti ang aking pagsulat sa Filipino.	4.30	Lubos na Sumasang-ayon
4. Alam ko kung paano <i>e-humanize</i> o gawing personalisado ang bawat sagot ng AI sa pamamagitan din ng AI Tools.	3.30	Sumasang-ayon
5. May kaalaman ako kung paano gumamit ng AI upang mapabuti ang aking grammar at bokabularyo sa Filipino	4.20	Lubos na Sumasang-ayon
6. Alam ko kung papaano ang paggamit ng wastong prompt para mas tiyak ang magiging interaksyon o tugon ni AI sa aking gustong malaman.	3.90	Sumasang-ayon
7. Alam ko kung paano gamitin ang AI upang matulungan akong magsagawa ng mga pagsasanay sa pag-unawa ng mga teksto sa Filipino.	4.10	Lubos na Sang-ayon
8. Kabisado kong gamitin at ang iba pang AI Tool katulad ng <i>ChatGPT, Gemini, Doulingo, Grammarly at Quilbot</i> .	3.60	Sumasang-ayon
9. Nauunawaan ko kung paano gamitin ang AI upang magbigay ng pidbak sa mga gawaing Filipino, tulad ng pagsulat ng sanaysay o tula.	3.70	Sumasang-ayon
10. Alam ko kung paano gamitin ang AI upang mapabuti ang aking kasanayan sa pagsulat ng mga teksto sa Filipino.	3.80	Sumasang-ayon
<b>KABUOAN:</b>	<b>3.90</b>	<b>Sumasang-ayon</b>

*Legend: 4.21-5.00 (Lubos na Sumasang-ayon) (Napakataas na natas ng pananaw at pagtanggap); 3.41-4.20 (Sumasang-ayon) (Mataas na antas ng pananaw at pagtanggap); 2.61-3.40 (Walang Pinapanigan) (Katamtamang antas ng pananaw at pagtanggap); 1.81-2.60 (Hindi Sumasang-ayon) (Mababa ang antas ng pananaw at pagtanggap) at 1.00-1.80 (Lubos na Hindi Sumasang-ayon) (Napakababang antas ng pananaw at pagtanggap).*

Ipinapakita sa Talahanayan 1.1, ang pangunahing antas ng kaalaman sa pangangasiwa ng mga Mag-aaral na naging kalahok sa paggamit ng AI (ChatGPT). Ayon sa kinalabasan, mapapansin na ang ng mga aytems ay mayroong magkakaibang bilang ng **Average Means mula 4.30 na pinakamataas ang aytem na "Alam ko kung paano gamitin ang AI upang mapabuti ang aking pagsulat sa Filipino."** Alinsunod nito, ang

interpretasyon na **Lubos na Sumasang-ayon** At **3.30 naman bilang pinakamababa sa aytem na may pahayag** “*Alam ko kung paano e-humanize o gawing personalisado ang bawat sagot ng AI sa pamamagitan din ng AI Tools.*” Ito ay tumutugon sa deskripsiyong **Sumasang-ayon**. Sa kadahilanang, mayroong sapat na kaalaman sa integrasyon at kahusayan ang mga mag-aaral sa paggamit ng makabagong paraan ng AI partikular ang aplikasyong ChatGPT at iba pa na nakatutulong sa pagpapadali at pagbibigay ng kaangkupan sa mas epektibong pamamagitan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa kaukulang interes at pangangailangan sa pag-aaral sa Filipino. Ibig sabihin, mahalaga pa rin ang pagkakaroon ng angkop na pamantayan at sapat na kaalaman sa integrasyon nito kaugnay ang interes ng mga mag-aaral sa pagsulat na kakayahan sa asignaturang Filipino at kasapatan sa kalinangan sa paggamit naman ng ChatGPT. Sa madaling salita, nasa mga mag-aaral ang kagustuhan kung kanilang nanaisin na mas maging malikhain ang paraan at kabuluhan na kanilang matatamo kung kanilang lalawakan ang kanilang kaalaman sa pagsulat sa Filipino sa napakaraming kaparaanan at matiyak ang akmang potensyal sa pangkalahatan. Pinapatunayan nito, na mayroong sapat na kakayahan ang mga mag-aaral sa paggamit ng *Artificial Intelligence* na ChatGPT sa kabuoan.

### Talahanayan 1.2 *Antas ng Kahandaan ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng AI (ChatGPT)*

Indekeytor	Mean	Deskriptibong Lebel
1. Handa akong gamitin ang AI sa pagkatuto ng Filipino katulad ng pagsulat ng teksto at pagsusuri ng teksto.	4.10	Lubos na Sang-ayon
2. May sapat akong kahandaan para magamit ang AI sa konteksto ng pagsulat, pagbasa at pagsusuri ng teksto.	4.00	Sumasang-ayon
3. May akma akong akses sa mga iba pang AI Tool na magagamit sa pagbuo ng nilalamang may koneksyon sa pagkatuto sa Filipino.	3.50	Sumasang-ayon
4. May akses ako sa mga AI Tools na makakatulong sa aking pagkatuto ng Filipino, tulad ng pagsusuri ng balarila/gramatika at bokabularyo.	4.20	Lubos na Sang-ayon
5. Maaaring sabihin na komportable ako sa paggamit ng AI o Hindi ako naiilang sa paggamit ng AI sa maraming tao.	3.10	Walang Pinapanigan
6. May sapat akong kahandaan upang gamitin ang AI sa pagpapalawak ng aking kaalaman sa mga bagong salita at ekspresyon sa Filipino.	3.90	Sumasang-ayon
7. Handa akong gamitin ang AI upang magbigay ng pidbak sa aking mga gawain sa pagkatuto sa Filipino.	3.20	Sumasang-ayon
8. Sa kabila ng mabilis na pagbabago sa inobasyon ng AI, handa akong makipagsabayan sa pagbabago.	3.90	Sumasang-ayon
9. <i>Updated</i> ako sa mga bagong labas na AI sa bansa at sa larangan ng pananaliksik.	3.30	Sumasang-ayon
10. Handa akong makipagsabayan sa kapwa ko mag-aaral sa paggamit ng AI sa iba pang gawain sa Filipino.	3.60	Sumasang-ayon
<b>KABUOAN:</b>	<b>3.70</b>	<b>Sumasang-ayon</b>

**Legend:** 4.21-5.00 (*Lubos na Sumasang-ayon*) (*Napakataas na natas ng pananaw at pagtanggap*); 3.41-4.20 (*Sumasang-ayon*) (*Mataas na antas ng pananaw at pagtanggap*); 2.61-3.40 (*Walang Pinapanigan*) (*Katamtamang antas ng pananaw at pagtanggap*); 1.81-2.60 (*Hindi Sumasang-ayon*) (*Mababa ang antas ng pananaw at pagtanggap*) at 1.00-1.80 (*Lubos na Hindi Sumasang-ayon*) (*Napakababang antas ng pananaw at pagtanggap*).

Ipinapakita sa Talahanayan 1.2, ang pangunahing antas ng kahandaan sa pangangasiwa ng mga Mag-aaral na naging kalahok sa paraang paggamit ng AI (ChatGPT). Ayon sa kinalabasan, mapapansin na ang aytem na ito ang nakapagkalap ng pinakamataas na **Average Mean na 4.20** na ang ibig pakahulugan ay **Lubos na Sumasang-ayon** at ang pahayag na “*May akses ako sa mga AI Tools na makakatulong sa aking pagkatuto ng Filipino, tulad ng pagsusuri ng balarila/gramatika at bokabularyo.*” At **3.10 naman bilang pinakamababa** na ibig ipakahulugan na ito ay **Walang Pinapanigan** batay sa aytem na may pahayag “*Maaaring sabihin na komportable ako sa paggamit ng AI o Hindi ako naiilang sa paggamit ng AI sa maraming tao.*” Samakatuwid, mayroong sapat na kalinangang kahandaan ang mga mag-aaral sa paggamit ng makabagong paraan ng AI partikular ang aplikasyong ChatGPT at iba pa na nakatutulong sa pagpapadali sa kanila sa kanilang mga takdang-aralin katulad ng: pagsusuri ng mga gramatika at balarila gayundin, ang maawakang terminolohiya o bokabularyong Filipino hinggil sa mga kasangkot na teksto at pagpapatunay na sa panahon ngayon hindi lantad na naiilang ang partikular na mga mag-aaral kung nanaisin nilang gumamit ng aplikasyong makapagbibigay ng angkop na datos at impormasyon upang higit na maunawaan at ma-analisa ang tunay na kakintalan patungkol sa pagtukoy at pag-aaral ng asignaturang Filipino. Sa kabuuan, pinakamahalaga sa lahat na magkaroon ng

kombinasyon hinggil sa sapat na kaalaman at kahandaan ang bawat mag-aaral sa paggamit ng mga Artificial Intelligence (AI) sapagkat, hindi mapapantayan ng anumang makabagong teknolohiya at aplikasyong magpapadali sa pagkalap ng mga kakailangang datos ang kakayahan ng isang tao sa sariling rasyonal na pag-unawa, pag-analisa, pagsusuri at pagbibigay ng karampatang pagpapaliwanag. Karagdagan, ang paggamit ng AI partikular ang ChatGPT ay sa kadahilanang, mas makapagpapahusay sa kaalaman at kalinangang transpormasyon ng mga mag-aaral. Kung kaya ay, hindi mapasusubali na sa pagbabago ng panahon maging ng pangangailangang pang-kurikulum sa larangan ng edukasyon ay marahil nagkakaroon din ng paiba-ibang pagtanggap at persepsyon ang mga mag-aaral upang makatugon at matuto sa kasanayan sa pagsulat sa larang at lapit ng asignaturang Filipino.

**Talahanayan 1.3** *Antas ng Integrasyon ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng AI (ChatGPT)*

Indekeytor	Mean	Deskriptibong Lebel
1. Ginagamit ko ang AI <i>Tool</i> upang masagutan ang mga gawain sa Filipino.	2.9	Walang Pinapanigan
2. Ginagamit ko ang AI para mapaunlad ang kasanayan ko sa pagsulat sa Filipino.	3.8	Sumasang-ayon
3. Ginagamit ko ang AI sa pagkuha ng mga ideyang sumusuporta sa aking mga takdang-aralin sa Filipino.	4	Sumasang-ayon
4. Naglalaan ako ng sapat na panahon sa paggamit ng AI sa silid-aralan katulad ng paggawa ng pananaliksik sa Filipino.	3.8	Sumasang-ayon
5. Ginagamit ko ang AI upang mas ma-debelop ang aking kaalaman sa Filipino partikular sa pagsulat ng teksto, pagsusuri ng teksto, pagbasa at bokabularyo.	4	Sumasang-ayon
6. Ginagamit ko ang AI sa paghingi ng iba pang impormasyon na makakatulong sa pag-intindi sa mga gawaing ibinibigay ng Guro sa Filipino.	4.2	Lubos na Sumasang-ayon
7. Ginagamit ko ang AI upang magsagawa ng mga pagsasanay sa pag-unawa at pagsasalin ng mga teksto sa Filipino.	3.4	Sumasang-ayon
8. Ginagamit ko ang AI upang makakuha ng pangunahing ideya na susuporta sa ibinigay na gawain sa Filipino.	3.8	Sumasang-ayon
9. Ginagamit ko ang AI para suriin ang kawastuhan ng mga gawaing pagsulat, gramatika, at pagbaybay at iba pang gawain sa Filipino.	4	Sumasang-ayon
10. Ginagamit ko ang AI mahubog at mapaunlad ang aking kritikal na pag-iisip.	3.8	Sumasang-ayon
<b>KABUOAN:</b>	<b>3.8</b>	<b>Sumasang-ayon</b>

**Leyenda:** 4.21-5.00 (*Lubos na Sumasang-ayon*) (*Napakataas na natas ng pananaw at pagtanggap*); 3.41-4.20 (*Sumasang-ayon*) (*Mataas na antas ng pananaw at pagtanggap*); 2.61-3.40 (*Walang Pinapanigan*) (*Katamtamang antas ng pananaw at pagtanggap*); 1.81-2.60 (*Hindi Sumasang-ayon*) (*Mababa ang antas ng pananaw at pagtanggap*) at 1.00-1.80 (*Lubos na Hindi Sumasang-ayon*) (*Napakababang antas ng pananaw at pagtanggap*).

Sa Talahanayan 1.3, ang pangunahing antas ng integrasyon sa pangangasiwa ng mga Mag-aaral na naging kalahok sa paraang paggamit ng AI (ChatGPT) ang bibigyang-diin. Batay sa kinalabasan, kapansin-pansin na ang aytem na ito ang nakapagkalap ng pinakamataas na **Average Mean na 4.20** na ang ibig pakahulugan ay **Lubos na Sumasang-ayon** at ang pahayag na “*Ginagamit ko ang AI sa paghingi ng iba pang impormasyon na makakatulong sa pag-intindi sa mga gawaing ibinibigay ng Guro sa Filipino.*” At **2.90 naman bilang pinakamababa** na ibig ipakahulugan na ito ay **Walang Pinapanigan** batay sa aytem na may pahayag “*Ginagamit ko ang AI Tool upang masagutan ang mga gawain sa Filipino.*” Ibig sabihin, mayroong nang sapat na kalinangang integrasyon ang mga mag-aaral sa paggamit ng makabagong paraan ng AI partikular ang aplikasyong ChatGPT at iba pa. Datapwa’t, ayon sa kanilang persepsyong ibinahagi ay kanilang ginagamit ang naturang teknolohiya upang sumangguni lamang sa katuparang makakalap ng mahahalagang impormasyon ukol sa pag-intindi sa mga takdang-aralin at gawaing tumutugon sa asignaturang Filipino.

Sa kabuuan, hindi sapat na maintindihan lamang ang paggamit ng Artificial Intelligence upang makapagbigay ng katugunan sa pinakamahirap na bahagi ng pag-intindi at pagsusuri sa iba’t ibang gawaing Filipino. Bagkus, nararapat na matukoy at higit na maunawaan ng bawat isa maging ng mga mag-aaral sa kontemporaryong panahon, ang kahalagahan ng kanilang sariling pangangatuwiran, pag-unawa at integrasyon sa tunay na kamalayan ng kanilang pagkatuto na puno ng determinasyon at kakintalang panlahat. Sa kadahilanang, sa sistema ng edukasyong Pilipino, hindi kailanman masasabi at maipakikintal sa sinuman na tunay na mauyroong natutuhan ang isang mag-aaral sa kanilang kasanayan sa pagsulat kung hindi lubos ang pag-unawa

sa pangkalahatang larang at lapit sa asignaturang Filipino. Samakatuwid, kinakailangan ang paggamit ng AI partikular ng ChatGPT at iba pa sa paraang makapagbibigay ng kadalian sa impormasyong nais mabatid gayundin, maunawaan ang kakintalang ito ay nakatutulong upang lumawak at matutunan ang proseso sa kabuuang kasanayan sa pagsulat kaugnay ang asignatura at wikang Filipino.

### **Makabuluhang Pagkakaiba sa Kaalaman, Kahandaan at Integrasyon ng mga Mag-aaral sa Filipino hinggil sa Taon ng Pagtuturo at Artificial Intelligence na Ginamit**

Makikita sa talahanayan 2.1 ang makabuluhang lapit na pagkakaiba sa katungkulan ng kaalaman, kahandaan at maging ang integrasyon ng mga guro batay sa taon ng pagtuturo o ang kanilang taon sa pagseserbisyo at ang partikular na *Artificial Intelligence* (AI) na pinagbatayan o ginamit bilang kaparaanan ay makatutulong sa malawakang pag-unawa at pagsusuri kung ang mga pangunahing antas ay may bunsod na salik at kaugnayan sa pag-adap, pag-ugnay, pagtanggap at bilang gamit sa pampagtuturo lalo na sa larangan ng asignaturang Filipino.

**Talahanayan 2.1** *Makabuluhang Pagkakaiba sa Kaalaman, Kahandaan at Integrasyon ng mga Mag-aaral batay sa Baitang at Artificial Intelligence na Ginamit*

Indekeytor	Antas/Bilang	Mean	Deskriptibong Lebel
Antas ng Kaalaman ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng AI (ChatGPT)	I	3.9	Sang-ayon
Antas ng Kahandaan ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng AI (ChatGPT)	II	3.7	Sang-ayon
Antas ng Integrasyon ng AI ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto sa Filipino (ChatGPT)	III	3.8	Sang-ayon
<b>KABUOAN:</b>		<b>3.8</b>	<b>Sang-ayon</b>

Source of Variation	Sum of Squares	Df	Mean of Square	F	P-value	Conclusion
Between Groups	0.02	2	0.01	65535	#NUM!	Mayroong Kabuluhan
Within Groups	0	0	65535			
Total	0.02	2				

Sa Talahanayang 2.1, ang makabuluhang pagkakaiba sa Kaalaman, Kahandaan at Integrasyon ng mga Mag-aaral batay sa Baitang at *Artificial Intelligence* na ginamit partikular ang aplikasyong ChatGPT, lumalabas na ang mga kabahaging mag-aaral na nasa **Baitang-7** ay nakapagkamit ng kaukulang **sum of squares na 0.02 na mas maliit pa sa lebel ng F na 65535**. Samantala, ito ay nagpapatunay na **mayroong kabuluhan** ang turing pagkakaiba sa Antas ng Kaalaman at Kahandaan ukol rin ang kani-kaniyang integrasyong sa pamamaraan sa pampagtuturo na gagamitin. Sa madaling salita, dahil sa pagbabagong nagaganap sa larangan ng edukasyon ay marahil malawak na rin ang lapit sa sapat na kalinangan ng bawat guro patungkol sa makabagong teknolohiya at aplikasyon upang mapabatid na higit na magiging kapantay at epektibo ang modernong paraan ng pagtuturo sa pamamagitan ng malawakang hatid ng *Artificial Intelligence* (AI).

## **V. KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON**

Batay sa isinagawang pagsusuri, lumitaw ang mahahalagang pananaw kung saan, ito ay tumutugon sa kathang positibo ang kaukulang persepsyon ng mga mag-aaral at guro patungkol sa katuturan sa paggamit ng generative AI sa kasanayan sa pagsulat kaugnay ang iba't ibang akademikong komposisyon sa Filipino. Karagdagan, nakita at napatunayan ng mga sumusunod na kalahok sa turing pag-aaral na ito, na kapaki-pakinabang at madaling gamitin ang naturang teknolohiya, kaya't umusbong din ang kani-kanilang adhikain at intensyon na gamitin ito sa mga pangunahing gawaing pang-akademikong Filipino. Samakatuwid, higit na natuklasan ding hindi pa gaanong lubos ang kanilang aktwal na kasanayan sa kaalaman, kahandaan at integrasyon sa pamamagitan ng paggamit ng naturang *Artificial Intelligence* (ChatGPT), na maaaring bunga ng kakulangan sa napakalawak na kadahilanan tulad ng sa karanasan, kakayahan, kaalaman at oportunidad sa pangkalahatan.

Datapwa't, napatunayan din na may ugnayan ang mga naibahaging kasagutan kaugnay ang mga opinyon, persepsyon, epekto, saloobin at kabuuang intensyon ng mga mag-aaral at guro sa kanilang sariling pagpapahiwatig, pagbabahaging kalinangan at maging aktwal na kilos at pag-unawa. Samantala, ang pananaw at kadalian sa paggamit ay mayroong mahalagang gampanin bilang tagapamagitan sa ugnayan ng nakikitang pakinabang ng AI at sa paggamit nito. Sa madaling salita, habang naniniwala naman ang mga mag-aaral gayundin, ng mga guro na malaki at malawak ang katungkulan ng pakinabang ng AI, kung saan mas nagiging madali para sa kanila na gamitin ito sa pagkakataong, positibo ang kanilang pananaw at kapag itinuturing nilang

madaling gamitin ang naturang *artificial intelligence* (AI) partikular ang aplikasyong ChatGPT bilang sangguni sa kakailanganing datos at karagdagang kapakinabangan sa pagkatuto at pagtuturo sa asignaturang Filipino.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng pag-aaral na ang matagumpay at makabuluhang paggamit bilang kaparaanan ng generative AI sa paraan ng akademikong konteksto sa kabuuan ay hindi lamang nakatuon at nakasalalay sa turing teknikal na kaalaman, kahandaan at kahusayan, kundi maging sa malawakang pagpapalakas ng positibong persepsyon, kalinangan, saloobin at kaukulang suporta mula sa iba't ibang organisasyon at institusyon. Gayunpaman, ang karaniwang pagtutok sa mga salik o hamon na ito ay higit na makakapagpatuloy at makakatulong upang higit na matamasa na kapaki-pakinabang at mayroong kabuluhan ang AI bilang katuwang at kaagapay sa makabagong kadakilaan at kaparaanan sa lapit na pagkatuto ng mga mag-aaral at pagtuturo ng mga guro mula sa kontemporaryong panahon hanggang sa kinabukasan na puno nang sapat na kaalaman, kahandaan, kalinangan, kahusayan at tagapamagitan na integrasyong panlahat.

### Rekomendasyon

Batay sa mga kaukulang kongklusyon na nabuo sa itaas, inirekomenda ang mga sumusunod na katangitangi at mahalagang pagbabalangkas at kaparaanan:

**a. Para sa mga Paaralan-** Bilang mga mananaliksik ng pag-aaral na ito, upang higit na mapakinabangan ang katungkulan na batid ng *generative* AI sa larang ng akademikong konteksto at iba pa, mahalagang iangkla ang pormal na paraan ng pagtuturo nito sa makabagong kurikulum. Sapagkat, mas magkakaroon ng iba't ibang lapit na aspekto kung angkop itong na-integra o naiayon batay sa pangangailangan sa pagtuturo at interes ng mga mag-aaral. Higit sa lahat, nararapat na isama ang mga ito, partikular, sa mga asignaturang nangangailangan ng sapat na kalinangan sa akademikong pagsulat upang mahubog ang kagustuhan, pagpapalawak ng kaalaman at tagapamagitan para sa mga mag-aaral sa hinaharap. Samakatuwid, ito ay alinsunod sa malawakang *guided, ethical, responsive at purposive use* ng *generative artificial intelligence* sa pangkalahatan, nang sa gayon, mabawasan ang ilang agwat sa pagitan ng turing kagustuhan, pangangailangan, intensyon at paggamit nito. Karagdagan, mahalagang magsagawa ng ilang mga karagdagang pagsasanay na nakatuon sa pagpapalawak ng kaalaman at kahusayan ng mga guro sa paggamit ng AI sa kanilang pagtuturo at upang higit na mapabuti ang kanilang turing kalinangan ukol sa digital literacy at makahikayat ng mas mataas na antas ng pagtanggap at paggamit sa naturang teknolohiyang ito;

**b. Para sa mga Organisasyon at Institusyon-** Bilang mga mananaliksik sa pagtalunton na ito, napakahalaga ring maglunsad ng iba't ibang gawain at workshops na patungkol at nakasentro sa kalinangan sa *'Digital Literacy'*. Sapagkat, ang oportunidad na magamit ang pangunahing teknolohiya sa malawakang kaparaanan ay nangangailangan ng sapat na kaalaman at kahandaan na matutunan at magkaroon ng maayos at epektibong katuturan sa kabuuan. Ito ay tulad ng mga *face to face seminars, online trainings, hands-on sessions* at iba pa. Sa pamamagitan nito, higit na mabibigyang pansin ang kaukulang ease of use, demonstrations at integrations, lalo na para sa kapakinabangan ng mga mag-aaral, guro at iba pang indibiduwal na baguhan at hindi pa gaanong lantad ang lapit sa teknolohiya. Kung kaya ay, dapat na ituro at bigyan ng sapat na pagpapaplano ang tamang paggamit ng *Artificial Intelligence*, nang sa gayon ay makaiwas sa iba't ibang *harmful effects* tulad ng sa *plagiarism, copy right infringement*, pagsusuri ng mga datos, at iba na tumutugon naman sa pang-nilalamang konteksto; at

**c. Para sa mga Mananaliksik sa Hinaharap-** Bilang mga mananaliksik sa pagsusuring ito, isang mahalagang rekomendasyon para sa mga susunod na mananaliksik na tatahak ng kaparehong adhikain sa larangan ng pananaliksik, kinakailangan na magsagawa ng malawakang pagsusuri at kalinangan upang suriin kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa pamamagitan ng *Artificial Intelligence* batay sa kani-kanilang pananaw at karanasan sa pagtuturo at pagkatuto sa pangkalahatan. Kung saan, maaaring bigyang-diin ang ugnayan na tumutukoy sa mga pangunahing salik o hamon, tulad ng edad, baitang at lebel, taon sa karanasan o pagseserbisyo, kurso at disiplina hinggil sa pagtanggap sa naturang kaugnay na modernong teknolohiya, upang magkaroon ng mas lantad at komprehensibong pagtukoy at pag-unawa sa mga hamon na nakaaapekto sa kanilang paggamit ng AI sa kaparaanan sa pagkatuto at pagtuturo sa hinaharap.

### SANGGUNIAN

- [1] Alajar, F. V., & Orobia, J. A. A. (2025). *Digi-AI: Ugnayan ng digital literacy at pagtanggap ng mga guro sa Filipino sa paggamit ng artificial intelligence sa pagtuturo*. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies*, 5(4), 106.
- [2] Al Mahmud, F. (2023). *Investigating EFL Students' Writing Skills through Artificial Intelligence: Wordtune Application as a Tool*. *Journal of Language Teaching and Research*, Vol. 14, No. 5, pp. 1395-1404
- [3] Alocelja, A. (2023). Epekto ng Paggamit ng Artificial Intelligence sa Pag-aaral: Tumutulong nga ba o Nakakasira? *TULAY: Tulay sa simula, Tungo sa tamang pamamahayag*, 23-24.

- [4] Amyatun, R.L. & Kholis, A. (2023). *Can Artificial Intelligence (AI) like QuillBot AI Assist Students' Writing Skills? Assisting Learning to Write Texts using AI*. *ELE Reviews: English Language Education Reviews*, 3(2), 135-154
- [5] Apriani, E. et al. (2024). *Impact of AI-Powered ChatBots on EFL Students' Writing Skills, Self-Efficacy, and Self-Regulation: A Mixed-Methods Study*. *GLOBAL EDUCATIONAL RESEARCH REVIEW* Vol. 1 Issue 2, 2024, pp. 57-72
- [6] Banua, E., Saavedra, A., Ajibon, R., Aukasa, F., Muhajil, S. & Najam, H. (2022). Evaluating teachers' teaching performance: as basis for mentoring and technical support *NeuroQuantology* 20 (13), 89
- [7] Calvo, S. R. M., & Saldua, M. I. (2024). *Paggamit ng generative AI sa kasanayang pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral sa junior high school*. *Journal of Education and Research*, 2(7), 328.
- [8] Carbaquil, J.B et al. (2024, Mayo 22). Epekto ng Paggamit ng Artificial Intelligence. Kinalap noong Setyembre 2025 mula sa <https://www.scribd.com/document/771685313/Epekto-ng-Paggamit-ng-Artificial-Intelligence>
- [9] Dueck, M. (2023, February 14). *For Educators, ChatGPT Poses Big Questions--and Big Possibilities*. *ASCD*. Kinalap mula sa <https://www.ascd.org/blogs/for-educators-chatgpt-poses-big-questions-and-big-possibilities>
- [10] Famor, J. R., Candido, F., & Siat, G. O. (2024). *Karanasan ng mga mag-aaral ng senior high school sa paggamit ng artificial intelligence*. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 4(11), 305–319.
- [11] James Brian Carbaquil et al. (2024, Mayo 22). *Epekto ng Paggamit ng Artificial Intelligence*. Kinalap mula sa SCRIBD: <https://www.scribd.com/document/771685313/Epekto-ng-Paggamit-ng-Artificial-Intelligence>
- [12] Jaymart R. Famor, Frallyn Candido at Dr. Gregg O. Siat. (2024, November 11). *Karanasan ng mga Mag-aaral ng Senior High School sa paggamit ng Artificial Intelligence*. Kinalap mula sa Cognizance Journal.
- [13] Kooli, C. (2023). *Chatbots in education and research: A critical examination of ethical implications and solutions*. *sustainability*, 15(7), 5614.
- [14] Lalunio, D. L. (1985). *Saligan sa Panunuring Panitikang Filipino*. Kinalap mula sa Studocu:<https://www.studocu.com/ph/document/city-college-of-tagaytaykomunikasyon-sa-akademikong-filipino/fili-57-reviewer-c-dhfnshvd/79905203>
- [15] Manonggiring, S. S., & Saldua, M. I. (2024). *Artificial intelligence at ang akademikong pagganap sa Filipino ng mga mag-aaral: TAM model*. *International Multidisciplinary Journal of Research for Innovation, Sustainability and Excellence*, 2(7), 450.
- [16] Marzuki, Widiati, U., Rusdin, D., Darwin, & Indrawati, I. (2023). *The impact of AI writing tools on the content and organization of students' writing: EFL teachers' perspective*. *Cogent Education*, 10(2), 2236469.
- [17] Roisah, S., Widyaningsih, T. L., & Purwananti, Y. S. (2024). *The impact of ChatGPT use on EFL students' writing ability*. *Concept: Journal of Social Humanities and Education*, 3(3), 191–199.
- [18] Saavedra, A. (2018). Technology engagement and writing skill: an analysis among elementary-grade filipino learners. *Webology*, 15 (1).
- [19] Saavedra, A., Alejandro, W. & Espinosa, R. (2022). Self-perceived Research Competence among Social Sciences Students: An Investigative Survey during the COVID-19 Pandemic. *International Journal of Health Sciences*, 4211-4221.
- [20] Saavedra, A. & Karanain (2022). Learners' beliefs and use of chavacano as medium of instruction. *Journal of Language and Linguistics* 10 (1), 40-46
- Sinag, A. P. (2024, July). *Artificial Intelligence, Susi sa Mas Pinahasay na Edukasyon*. Retrieved September 17, 2025 Kinalap mula sa <https://sinag.dcnhs.depeddagupan.com/editorial/artificial-intelligence-isang-malaking-gabay-sa-pagpapaunlad-ng-edukasyon>
- [21] Silagan, S. M., & Samarca, A. Y. (2025). *Integrasyon ng artificial intelligence (AI) sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino sa senior high school: Mga hamon at oportunidad*. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies*, 5(5), 155.
- [22] Sultan, M., Taj, A., Sabir, F., Ali, S., & Qureshi, M. O. K. (2025). *The effect of ChatGPT on the writing abilities of undergraduate English students*. *Journal of Arts and Linguistics Studies*, 3(1), 67–91.
- [23] Technology Acceptance Model. (n.d.). *Newcastle University Open*. Kinalap noong Setyembre 2025, mula sa <https://open.ncl.ac.uk/theories/1/technology-acceptance-model/>